DepEd Advisory No. 02, s. 2017
January 4, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas at Buwan ng Panitikan ng Filipinas. Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng *Pambansang Kampo Balagtas*, isang kumperensiya ng mga kabataang manunulat ng tula at sanaysay na gaganapin mula ika-31 ng Marso hanggang ika-2 ng Abril 2017 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan. Ito ay alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 964.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng mga aktibidad na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
2. Kilalanin ang husay ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
3. Kilalanin ang mga diyaryong pangkampus na nagpapakita ng kahusayan at pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino;
4. Hikayatin ang mga mag-aaral na patuloy na pahalagahan ang mga hiyas ng panulat ni Francisco “Balagtas” Baltazar; at
5. Makapagbigay ng kaalaman hinggil sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa mga tagapagsanay ng mapipiling mag-aaral.

Ang Kumperensiya ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa sekundarya na kasapi at nakapaglathala na sa diyaryong pang-estudyante ng paaralan. Hindi maaaring sumali ang mga kamag-anak ng mga kawani ng KWF.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- G. John Enrico C. Torralba
- G. Roy Rene S. Cagalingan
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
  San Miguel, Maynila 1005
  Telepono: (02) 736-2519
  Email: komisyonsawikangfilipino@gmail.com